Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa mga Karapatan at mga Pananagutan



## Ano ang Iyong Mga Karapatan?Mayroon kang karapatang:

mag-aplay para sa mga benepisyo, nang **libre**;

- humingi ng tulong sa amin sa pagkumpleto ng mga pormularyo sa aplikasyon at makuha ang mga dokumentong kailangan mo;
- humingi ng tulong sa isang tao para sa iyong SSI claim at magpasama sa taong iyon kapag bumisita ka sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar.
- magpakatawan sa isang abogado o sa ibang kwalipikadong tao na iyong pipiliin;
- hilinging tingnan o kumuha ng mga kopya ng impormasyon sa iyong mga rekord;
- kumuha ng isang **sulat** na magsasabi sa iyo kung ano ang natiyak namin tungkol sa mga benepisyo sa SSI na makukuha mo at kung ano ang ibabayad namin sa iyo;
- **apelahin** ang karamihan ng mga pagtitiyak na ginawa namin tungkol sa kung makakakuha ka ng mga benepisyo sa SSI, o ang halaga ng mga benepisyo sa SSI, kung hindi ka sumasang-ayon sa aming pagtitiyak;
- humingi ng tulong ng isang **tagasalin**, nang **libre**, kung ang iyong pagsasalita ng Ingles ay hindi sapat upang makipag-usap sa amin;
- kumuha ng tulong sa amin sa pagkuha ng iyong mga medikal record; at
- kumuha ng mga kopya ng batas, mga regulasyon o mga pahayag ng polisa na ginamit upang pagpasiyahan ang iyong claim.

## Ano ang Iyong Mga Responsibilidad?Dapat mong sabihin sa amin kung:

ikaw ay lumipat o nagbago ng address;

- may lumipat papasok sa o palabas ng iyong tahanan;
- nagbago ang **income** o mga kita mo o ng iyong asawa o magulang;
- nagbago ang **mga pag-aari** o mga bagay na sa iyo o sa iyong asawa o magulang;
- nakakakuha ka ng tulong sa mga gastos sa pamumuhay o tumatanggap ka ng income mula sa mga kaibigan o mga kamag-anak;
- namatay ang iyong asawa o sinuman sa iyong tahanan;
- ikaw ay nag-asawa, naghiwalay o nagdiborsyo;
- binago mo ang iyong pangalan;
- ikaw ay naging kwalipikado para sa ibang mga benepisyo o mga pagbabayad;

- ikaw ay pumasok o umalis sa isang institusyon (tulad ng isang ospital, nursing home, preso, o bilangguan);
- umalis ka sa Estados Unidos o bumalik ka sa Estados Unidos;
- may warrant na inisyu para sa iyong aresto para sa isang krimen, o sinubukang krimen, na isang felony o, sa mga hurisdiksyon na hindi nagbibigay klasipikasyon sa krimen bilang felonies, isang krimen na mapaparusahan ng kamatayan o bilangguan ng higit sa isang taon;
- isang warrant ang inisyu para sa iyong aresto dahil nilabag mo ang isang kondisyon ng iyong parole o probasyon;
- may pagbabago sa pagpasok sa paaralan (kung wala pang 22 taong gulang);
- ikaw ay isang inisponsor na imigrante at nagbago ang income ng iyong isponsor;
- kung ang iyong kondisyon ay humusay, kung tumatanggap ka ng benepisyo sa SSI dahil sa isang **kapansanan o pagkabulag**, at
- hindi ka makakapunta sa iyong (mga) appointment) sa aming (mga) tanggapan.

## Tandaan

- Kung hindi mo mapapamahalaan ang iyong mga pondo, dapat mo itong iulat sa Social Security.
- W Kami ay nagbibigay ng mga libreng serbisyo ng tagasalin kapag hiniling upang isagawa ang mga kailangan mong gawin sa Social Security. Mangyaring tawagan muna kami upang may makuhang taong makakatulong sa iyong wika. Tingnan ang SSI Spotlight sa **mga Serbisyo ng Tagasalin**;
- Ikaw at ang iyong kinatawan ay dapat magbigay sa amin ng wastong impormasyon. Hindi legal ang magbigay ng maling impormasyon nang may kaalaman at nang sinasadya.
- Dapat mong sabihin sa amin ang lahat ng mga pinanggagalingan ng iyong medikal na paggamot kapag nag-aplay ka batay sa isang kapansanan.
- Sa pangkalahatan, mayroon kang **60 araw** upang sabihin sa amin kung gusto mong **apelahin** ang isang pagtitiyak na hindi mo sinasang-ayunan.
- Kung ikaw ay namatay, dapat ito sabihin sa amin ng isang kapamilya o kaibigan.

Ang handout na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang buod ng iyong mga karapatan at mga pananagutan sa SSI. Hindi naming binabalak na saklawin ng impormasyon ang lahat ng mga bahagi ng batas. Para sa takdang impormasyon tungkol sa iyong kaso, kontakin ang Social Security.

Para sa Karagdagang ImpormasyonMangyaring bisitahin o sulatan ang anumang tanggapan ng Social Security, o tawagan ang aming libreng telepono sa **1–800–772–1213**. Maaari mong kausapin ang isang kinatawan sa pagitan ng mga oras na 7 ng umaga at 7 ng gabi sa mga araw ng trabaho. Tuwing tumatawag ka, ihanda ang iyong numero ng Social Security.

Mayroon ding mga kinatawan na nagsasalita ng Espanyol na makakasagot sa iyong mga tawag. Sundin ang mga tagubilin sa Espanyol upang makausap ang isang kinatawan na nagsasalita ng Espanyol.

Ang nirekord na impormasyon at mga serbisyo ay makukuha **24 oras** bawat araw, kabilang ang mga Sabado't Linggo at mga piyesta opisyal.

Kung tinawagan mo ang tanggapn sa iyong lugar o ang **1-800** na numero, at kailangan mo ng tagasalin upang makipag-usap sa amin, magbibigay kami sa iyo nang isa nang **libre**.

Kung ikaw ay may TTY machine, maaari mong tawagan ang aming libreng matatawagang TTY na numero, ang **1-800-325-0778**, sa pagitan ng 7 ng umaga at 7 ng gabi sa mga araw ng trabaho.

Tinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag––maging sa aming mga libreng matatawagang numero o sa isa sa aming mga lokal na tanggapan. Nais din namin siguruhin na tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmomonitor ng mga papasok at palabas na mga tawag sa telepono.

Maaari mo ring bisitahin ang aming website sa Internet: **www.socialsecurity.gov** para sa ibang mga paksa hinggil sa SSI o Social Security.**Bumalik sa Ibabaw ng Pahina**